

Pagsuporta sa pag-aaral ng mga batang ang magulang ay dayuhang residente para sila ay makahanap ng trabaho

フィリピン語

## Tutulungan namin kayo sa inyong pag-aaral!

Mahirap ang Nihongo...  
May magtuturo sa bawat isang estudyante.

Nahihirapan kayo sa mga pag-aaral sa eskuwelahan...  
Tutulungan namin kayo sa mga pag-aaral sa klase / homework / mga pagsusult.

Halina at mag-aral tayo  
Marami ding pumupunta na mga taga iba't ibang bansa  
Pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahang at paghahanda sa pakisalamuha sa komunidad at sa lipunan

Tutulungan namin kayo sa pag-aaral para sa pagkuha ng entrance examinations  
Sa pagtatapos ng pag-aaral makakahanap ba ng trabaho?  
Nagbibigay din ng pagpapayo tungkol sa pagpasok sa high school o kolehiyo

<b>Para sa</b> Mga batang [Hapon o iba pang rasyonalidad] na may edad hanggang 18 na taong gulang	<b>Saan</b> Fujimino International Cultural Exchange Center Tobu Tojo Line KamiFukuoka Station Paglabas ng west exit, 5 min lakad Tinignan ang mapa sa Ikod
<b>Arin at orin ng pag-aaral</b> Mula Lunes hanggang Biyernes 10:00—12:00, 14:00—16:00 Sabado 9:00—12:00 Maibsan pag pista opisyal • Pagtatapos at simula ng bagong taon	☆ Kailangan ang pagpareserba Sa unang pagpunta maari lamang samahan ng magulang ang bata
<b>Bayad</b> Libre	

**Address**  
Fujimino International Cultural Exchange Center  
Fujimino shi KamiFukuoka 5-4-25 TEL: 049-256-4290 FAX: 049-256-4291  
Tagapamamahala: Mrs. Ishii, Mrs. Yamahata, Mrs. Totsuba

本事業は「中央ろうきん 若者応援ファンド 2015」の助成により実施するものです

### Ang FICEC ay handang tumulong sa mga banyagang bata sa kanilang pag-aaral para makapamuhay at makapagtrabaho dito sa bansang Hapon

Ang mga staff at mga volunteers sa FICEC ay nagtuturo ng Nihongo at tumutulong sa pag-aaral ng mga banyagang mag-aaral na may edad na 6 ~ 20 taong gulang, para makatulong sa mga batang gustong mamuhay at magtrabaho sa Japan.

Upang sila ay masuportahan para magkaroon ng sapat na edukasyon kagaya ng mga batang Hapon at mabigyan ng pagkakataong matupad ang kanilang mga pangarap.

Ang mga mag-aaral sa elementarya, junior high school, at high school ay maaaring mag-aral tuwing Sabado, mula 9:00 ~ 12:00. Mga dating guro at university students ang nagtuturo sa mga home work. Tumutulong din sila sa pag-aaral para sa midterm at end-of-term tests. Sa mga batang huminto sa pag-aaral sa high school o hindi pumapasok, o hindi makahanap ng trabaho dahil hindi gaanong marunong ng Nihongo, magsadya lamang sa FICEC mula 10:00 ~ 12:00 n.u. at 2:00 ~ 4:00 n.h. mula Lunes hanggang Biyernes.



Gaya ng makikita sa charts sa ibaba, ang mga nagtapos lamang ng junior high school ay hirap sa paghahanap ng trabaho. Karamihan sa kanila ay nakakakuha ng trabaho sa lupon ng A, kagaya ng ng sa manufacturing at manual labor. At konti ang pagpipilian na maaring mapasukang trabaho.

Hangad ng mga staff at volunteers ng FICEC na makatulong sa mga banyagang naninirahan sa Japan para magkaroon ng basic academic skills para makahanap ng maayos na trabaho dito sa bansang Hapon. Magsadya lamang sa FICEC at sabay tayong mag-aral at matuto!


Writer: Ishii Nanae, Chief Director, FICEC

#### Klase ng trabaho

- A— Sales, serbisyo, maintenance, transportation, skilled craftsman, manufacturing at construction work
- B— Specialized, technical at management work, office work



Total ng junior high school graduates



Total ng high school graduates

**Pamphlet ng tamang pagtatapon ng basura sa limang wika**



**Para makaiwas sa gulo sa mga kapitbahay, isigurado sa pamphlet**

Pinapaliwanag ng pamphlet na inisyu ng Fujimi-shi ngayong 2015 kung paano ang pag-aayos ng basura. Ipinapakita ang tamang paglalagay at paghihiwalay ng basura mula sa mga nasusunog na basura, sa hindi nasusunog na mga basura at mga basurang maaring ma-recycle.

Ito ay nakasalin sa limang wika kasama ang simpleng Nihonggo.

Magkakaiba ang pag-aayos ng basura sa kada siyudad, kaya't magandang malaman ang tamang paraan. Itabi ang pamphlet at tingnan kung hindi sigurado sa iskedyul at klase ng basura na ilalabas. Gayundin ang kagayang pamphlet ay isinalin din sa iba't ibang wika sa Fujimino-shi at Miyoshi-machi.

**Pag-iingat sa kalusugan--- Nag-umpisa na ang Health check ng 2015.**

Ilan sa inyo ang magpapatingin kung alam ninyo na kayo ay malusog? Mahalaga na habang maaga ay magpatingin at makaiwas. Kung kayo ay nagtatrabaho, maaaring magpatingin sa inyong kumpanya, ngunit ilan lang sa mga ito ang nagsasagawa ng indibidwal na checkup. Para sa bayad sa mga indibidwal na checkups, ang konsultasyon at petsa ay magkakaiba depende sa isasagawang health examination.


Karamihan ay naaabala sa checkup at paghihintay sa resulta, subalit, mas maliit ito kumpara sa abala kung kayo ay magkakasakit. Kaya't halina at magpatingin na!

- **Pangalan at kabayaran ng checkup** (may mga akdang edad sa ibang eksamen)

Lung cancer examination (¥500), colon cancer examination (¥500), cervix cancer examination (¥1000), stomach cancer examination (¥500), health check (libre), hepatitis virus examination (libre), dental health examination para sa matanda (¥500), dental health examination para sa mga buntis (libre). Ang mga tumatanggap ng welfare ay walang babayaran.

- **Paraan ng Konsultasyon ng indibidwal na health check :**

Tumawag para sa eskedyul ng checkup sa ospital



Dalhin ang health insurance card o ID (sa tumatanggap ng welfare) at magkaroon ng health checkup



Konsultasyon sa duktur at pagkuha ng resulta ng checkup

**■ Katanungan: (Fujimi-shi, Fujimino-shi, Miyoshi-machi)**

Insurance office, Health Promotion Center Address: Tsuruma 3351-2, Fujimi-shi  
Tel. 049-252-3771 <http://www.city.fujimi.saitama.jp/>

**Paggawa ng German-style egg art decoration sa multi-cultural interchange event**



Sa FICEC, may mga ebento na tinatawag na “multi-cultural interchange event” na may iba't ibang tema. Sa ika-2 interchange event, ibinahagi ni Ms. Shulz Katharina ang paggawa ng German cookies at pagkukuwento tungkol sa kanyang bansa.

Malugod naming inaanyayahan ang iba pang mga banyagang residente na sumali. Kahit anong tema ay lugod na ikasisiya. Makipag-ugnayan lamang sa Tel. 049-256-4290